Rene Boy Abiva*

# Ang kamatayan ni Datu Victor

Wala pang diyes minuto'y dumapo
            ang dagim sa tuktok ng mga burol
at dagling nagpakawala ng matutulis
            at matatalim na dagitab.

Pumutok at sumabog ang mga ito
            at nagsala-salabat ang alingawngaw
na waring hugong at alingasngas sa bibig
            ng gutom na impiyerno.

Umukilkil ang hilakbot sa ugat ng mga balahibo
            nang isa-isang inani ng mga pisik
ang walong puso
            at walong ulo.

Apat na oras na umulan nang nagbabagang piko
            upang masima ang mga kalaw,
at ang lupa'y nabiyak,
            napunit,
            nabutas,
            at natapyas
            na waring malupit na sinuyod ng asarol at araro
ng lasing na baka at kalabaw.

Humupa ang unos
at hinakot ang mga labi
ikinamada ang mga ito
sa malapit na kamalig.

Nanaghoy ang mga nawalan,
umalulong ang buong pamayanan
dahilan upang ang Lawa ng Sebu
ay kumulo sa kanyang kaibuturan.

Ginilitan ni Datu Tungig ang leeg ng alay
at nangisay pakanluran.
Tuloy pa ang digmaan!

Ang *Magbabayu* ay agad sumanib
sa mga ispirito ng kalaw
at nagsimulang dumagundong
ang lungsod at gubat.

Dumaluyong ang *bangkakawan*
sa mga payak na daan ng nayon
at mga kalyehon ng kalunsuran,
paglao'y sumiklab ang *pangayaw*
at digmang gerilya ng mga natirang kalaw!

*(Hulyo 20, 2018; Lungsod Quezon, Maynila.)*

# Hindi lamang kayo mga Banal na Aparisyon

*4:30 ng hapon*
*sa may Kalye ng Mendiola,*
*San Miguel, Maynila*

Umawit ang mga baril at bomba
ng konstabularya ni Lim,
at dagling bumagsak
ang labintatlong magbubukid.
Mula noon,
naging sintigas ng bato
ang bawat butil ng bigas,
naging sing-alat ng luha
ang tubig sa batis,
at mula nga noon,
nagbunyi ang panginoong Cory
na nasasandatahan
ng hukbo ng mga kalansay,
at uwak na handang papakin
ang sinumang mabuwal
sa ngalan ng lupa.

*4:30 ng hapon*
*sa Sityo Sampalilong,*
*San Isidro, Nueva Ecija*

Pinapanday ang himagsik
ng mga anak ng lupa,
sumisingaw ang poot
sa kanilang sunog sa araw na balat,
ugat sa brasong bukul-bukol at buhul-buhol,
mata na animo'y tangan ang anag-ag
ng nagkukubling alipato ng pag-asa,
at kamaong nakakuyom

na hinubog sa tubig at apoy
nang dekada nilang pakikipagsagupa sa lupa
gamit ang kalabaw, itak, araro, karit, at asarol.

*4:30 ng hapon*
*sa libis ng mga nayon*
Ang banayad na hangin ng takipsilim
ay bubulahawin at paglalagablabin
ng mga kauri ng labintatlong martir;
mapupunit ang malamig na gabi,
bibigat ang hininga ng lupa
na animo'y nasusunog na kaingin
ang dibdib niya.

*4:30 ng hapon*
*sa naghihintay na mga lungsod*

Inari niyo nga minsan
ang takipsilim,
subalit sa susunod na sagupaan
sa Kalye ng Mendiola,
San Miguel, Maynila
ay nakatitiyak na kaming
amin na ang takipsilim
at higit na amin na
ang bukang-liwayway!
At higit na dapat sa amin na
ang kalayaan!

*(Enero 22, 2019; Lungsod Quezon, Maynila.)*

# Buhawi

Sabi ng isang paham ay gaya ng hayop at tao ang mundo,
na kung nasasusugata'y may kapangyarihan
ang kanyang laman at ispirito na pagalingin
kahit yaring malaki at malalim na sugat,
kahit yaring mula sa manipis na talim ng espada at sibat,
kahit yaring mula sa matulis mainit na bala
ng baril at kanyon.

Ngunit kaiba ang sining ng panggagamot
nitong mundong kung tutuusi'y naaasiwa na
na lahat ng kanyang nakikita-

*mga dambuhalang minahan na anong siba*
*kung ngabngabi't- nguyain ang mga tagong biyaya;*
        *mga apolitical na intelektuwal at saserdote*
        *na mga mambubulag kaya't kalakhan ngayo'y walang paki;*
                *at makakapangyarihang mga politiko at bansa*
                *na nagpapaligsahan sa walang kabuluhang karera*
                *sa ekonomiya at pakikidigma.*

Magang-maga at nagnanana
ang dinudugo at humihilab na matris
ng kasaysayan-santinakpan,
inuuod at nilalangaw na rin
ang mga diyus-diyosan na itinindig
sa mga lugar sambahan at libingan
na yari sa batong silyar,
kaya't ang hiling ng mga umaatungal -dumaraing
ihandog mo na sana ang isang buhawi-

        *na yari sa naghihimagsik-ubod ng bagsik na mga kamao*
*na yari sa umaalimbukay- umaapoy na dugo*
        *na yari sa mainit- nagbabagang pawis ng mga obrero*

*na mala-dragon kung umalagwang Pulang Hukbo;*
*nang sa gayo'y mabuhay ang mga natuyo't naghihingalong ilog*
*nang sa gayo'y makahinga nang may kapayapaan ang langit*
*nang sa gayo'y tumubo't lumago ang bagong buhay*
*sa pusod ng kagubatan, at dibdib ng sakahan*
*nang sa gayo'y mailublob ang buong sanlupaan*
*sa batis ng benditang yari sa tubig ng mga pumutok na bulkan.*
Hala sige,
umpisahan mo nang gamutin
ang daantaaon mong sugat
na kung tutuusi'y amin ding nais!

*(Disyembre 18, 2018; Lungsod Quezon, Maynila.)*

# Traslasyon

*"Who is this stupid God? This son of a bitch is then really stupid."*

- President Rodrigo Duterte

Sa unang linggo ng tao'y binabaha ang Quiapo
ng mga taong kalakha'y api at aburido,
hawak ang marun na panyo,
kanilang ipupunas ito sa paa ng Itim na Nazareno
at kanilang ibubulong sa santong kulot na dati'y tanso
ang ganito,

*"Bumangon ka nawa aming poon*
*at nang hatulan mo ang nagkukuta roon*
*na ubod ng bangis at lupit nilang poon*
*na kinitil -sinunog kaming gaya sa tuyong dahon*
*kaya kami'y takot na takot tuwing yayakap ang dapit-hapon."*

Ang iba'y papasanin ang replika ng santo
na kuno'y manggagamot, maawain, at sasalbahin ang mundo,
iluluwa ng mga mababaho, marurumi, at masangsang na kanto
ng Espanya, Bambang, Sampaloc, Avenida, at Carriedo
ang mga nakapaa, amoypawis, at kulay-grasang hukbo,
iindayog ang kanilang katawan sa iisang ritmo
na waring Galyong lumayag noon sa Dagat Pasipiko
na pipiliting maabot ang pasigan ng Acapulko, Mehiko,
may mga masusugatan, magsusuka, mahihimatay, at mamamatay
sa kanilang hanay ng mga bagabundo
sa kauusal paulit-ulit ng mga dasal, orasyon, at himno
na ganito-

*"Na nawa'y magtapos na ang madilim na krusada kontra droga,*
*na nawa'y pansinin nang may pagmamalasakit silang mga hampaslupa,*

*na nawa'y makatiplas na ang mga anak dalita*
*sa mala-hayop na paggawa at nakasusulasok na kolonya*
*ng tagpi-tagping bahay na yari sa basura,*
*na nawa'y sumapit nawa ang isang umagang mapula*
*at maganap ang pinakahihintay na traslayon sa paglaya,*
*at tagsibol ng mga walang-wala*
*laban sa mga galamay, alagad, at tiktik*
*na panatiko kay Santo Rodrigo-*
*ang Santo ng mga Mangangaso at Mamboboso ng Tao-*
*na naka-upo't nagkukuta sa Bahay Pangarap sa loob ng Palasyo."*

At sabay-sabay wiwika
ang kanilang mumurahing bunganga
ng *"Siya nawa, siya nawa,"*
subalit irap-ngisi-mura
ang tugon ni Eleazar.

*(Enero 9, 2019; Lunsod ng Quezon, Maynila.)*

***Rene Boy Abiva** is a former political prisoner who writes poetry and short story in Iloko and Filipino. He is the author of the book entitled *Tuligsa at iba pang mga tula* (Pantas Publishing, Lungsod Quezon, 2018). Also recently, his collection of poems wa published at *AKDA Volume 5* (Kamandag, Lungsod Quezon, 2019). At present, he is an Honorary Member ng Kilometer 64 Writers Collective at Concerned Artists of the Philippines (CAP).